Isang dinar na ginugol mo sa landas ni Allāh, isang dinar na ginugol mo sa pagpapalaya [ng alipin], isang dinar na ikinawanggawa mo sa isang dukha, at isang dinar na ginugol mo sa mag-anak mo, ang pinakamabigat sa mga ito sa pabuya ay ang ginugol mo sa mag-anak mo."}

Ayon kay Abū Hurayrah (malugod si Allāh sa kanya) na nagsabi: {Nagsabi ang Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan): "Isang dinar na ginugol mo sa landas ni Allāh, isang dinar na ginugol mo sa pagpapalaya [ng alipin], isang dinar na ikinawanggawa mo sa isang dukha, at isang dinar na ginugol mo sa mag-anak mo, ang pinakamabigat sa mga ito sa pabuya ay ang ginugol mo sa mag-anak mo."}
[Tumpak] [Nagsalaysay nito si Imām Muslim]

Bumanggit ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) ng ilan sa mga uri ng paggugol sapagkat nagsabi siya: "Isang dinar na ginugol mo sa pakikibaka sa landas ni Allāh, isang dinar na ginugol mo sa pagpapalaya ng isang alipin mula sa pang-aalipin at pagkaalipin, isang dinar na ikinawanggawa mo sa isang dukhang nangangailangan, at isang dinar na ginugol mo sa mag-anak mo at mga alaga mo." Pagkatapos nagpabatid siya na ang pinakamabigat sa mga ito sa pabuya sa ganang kay Allāh ay ang ginugol mo sa mag-anak mo, mga alaga mo, at sinumang inoobliga sa iyo ang paggugol sa kanya.

http://sunnah.global/hadeeth/tl/show/5813